


Filipino

Ikalawang Markahan – Modyul 3: Pagsang-ayon at Pagsalungat



**Filipino – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 3: Pagsang-ayon at Pagsalungat
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat : Lolito E. Deloso Jr.

Editor : Dores P. Claro, Maria Consuelo C. Jamera

Tagasuri : Jessie C. Torreon, Noviemar T. Maur, Ma. Liza S. Pellazar,
Japhet K. Salar, Christy Joyce E. Anino

Tagalapat : Lolito E. Deloso Jr., Peter A. Alavanza

Tagapamahala: Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol Jr., Maripaz F. Magno,
Josephine Chonie M. Obsenares, Gilda G. Berte, Antonieta O.
Narra, Feldrid P. Suan, Jessie C. Torreon, Dores P. Claro at
Victoria B. Pabia

Inilimbag sa Pilipinas ng: _____

Department of Education - Rehiyon ng Caraga

Office Address: Learning Resource Management Section (LRMS)
Teacher Development Center
J.Rosales Avenue, Butuan City, Philippines, 8600

Telefax: (085)342-8207 / (085)342-5969

E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

Filipino

Ikalawang Markahan – Modyul 3: Pagsang-ayon at Pagsalungat

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Tungkol saan ang modyul na ito?

Ang modyul na ito tungkol sa Pagsang-ayon at Pagsalungat ay may maramihang gamit. Una, matututunan mo ang mga kakayahang nasasalamin sa mga kasanayang nabanggit sa ibaba. Pangalawa, mas mapalalawak at mapalalakas ang mga kaalaman na iyong natuklasan sa naunang baitang. Panghuli, matutulungan kang mas mapahalagahan ang kulturang Pilipino at mahalín ng mas higit pa ang iyong pagka-Pilipino.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw bilang mag-aaral ay inaasahang:

1. Naipakikita ang kasanayan sa pagsulat ng isang tiyak na uri ng paglalahad na may pagsang-ayon at pagsalungat. F8PU-IIc-d-25
2. Nagagamit ang mga hudyat ng pagsang-ayon at pagsalungat sa paghahayag ng opinyon. F8WG-IIc-d-25



Subukin

Sagutan ang panimulang pagsusulit. Layunin nito na alamin kung kailangan mo pa ang modyul na ito o tutuloy ka na sa susunod.

Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong at piliin ang pinakatamang sagot. Isulat sa sagutang papel ang napiling pinakatamang sagot.

- _____ 1. Ano ang tawag sa pahayag na naglalahad ng mga katibayan upang paniwalaan?
A. Pakikipag-usap
B. Paglalahad
C. Pagsasalita
D. Pangangatwiran
- _____ 2. Ano ang layunin ng taong nangangatwiran?
A. Maglahad
B. Makipagkaibigan
C. Makipag-usap
D. Manghikayat
- _____ 3. Ang pagtango ba o pag-iling ay naghuhudyat ng pagsang-ayon o pagsalungat?
A. Hindi
B. Marahil
C. Medyo
D. Oo
- _____ 4. Ano ang ipinapahiwatig ng pagtango?
A. Hindi pagsang-ayon
B. Pagsalungat
C. Pagsang-ayon
D. Pangangatwiran
- _____ 5. Ano ang ipinapahiwatig ng pag-iling?
A. Hindi pagsang-ayon
B. Pagsalungat
C. Pagsang-ayon
D. Pangangatwiran

Panuto: Isulat sa patlang ang angkop na hudyat ng pagsang-ayon at pagsalungat. Gamitin ang mga salita sa loob ng kahon bilang pagpipilian

Subalit	Bagama't	Talaga	Opo	Tunay	Tama
----------------	-----------------	---------------	------------	--------------	-------------

6. _____ ka, ang mga kabataan ngayon ay higit na mulat sa mga nangyayari sa kapaligiran.
7. Maaaring mas malaya nga sila ngayon _____ makikita sa kanilang mga kilos ang pag-unawa sa responsibilidad nila sa pamayanan.
8. _____, Ginoong Pangulo panig po ako sa inyong pala-palagay tungkol sa mga kabataan.
9. _____ maraming dinaranas na pagsubok ang bayan, lagi silang umaagapay sa sinumang nangangailangan.
10. _____ nga, handa nilang isakripisyo ang pansariling kaginhawahan para lamang makatulong.

Natukoy mo ba nang tama ang hinihingi ng bawat bilang? Magaling, binabati kita. Bago ka magpatuloy sa araling ito, balikan mo ang naunang aralin at sagutin ang kasunod na gawain.

Aralin 1

Pagsang-ayon at Pagsalungat



Balikan

Panuto: Bashin ang pyesa at ibigay ang iyong sariling pagpapasya. Gumawa ng iyong sariling pangangatwiran.

*Ren: Lahat ng bagay sa mundo ay dahil sa talino ng tao
Lahat ng nakikita ng mata mo ay pinag-isipan ng husto
Talino ang natatanging puno't dulo
Kaya't dapat iyong mapagtanto tayo ay dapat may talino*

*Dona: Hindi naman masama maging matalino
Ang mahirap kung ito'y nakapagpapatamad sa tao
Kasipagan ang solusyon
Hindi lang dapat sa talino nakatuon*

*Lakandiwa: Atin munang puputulin
Ang balitaktakan ng mga makata natin
Sambit nila'y inyong pasyahan
Kung talino ba o sipag ang dahilan.*

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang mga salita na natatandaan mo. Pumili ng isa at magbigay ng impormasyon tungkol dito.

_____ Balagtas

_____ Bukanegan

_____ Lakandiwa

_____ Mambabalagtas

_____ Manonood

_____ Balagtas

_____ Francisco Baltazar

Sagot: _____

Dahil nasagot mong tama ang gawaing ito. Sigurado akong mas madali na sa iyo ang kasunod na aralin dahil magagamit mo ang iyong natutuhan tungkol sa pangunahin at pantulong na kaisipan dito. Halika at tuklasin mo kung ano ito.



Tuklasin

Panuto: Basahin ang teksto at pansinin ang mga pahayag nito.

TALINO:

Ako'y naniniwalang talino ang mas mahalaga.
Talino ang pamanang kahit kelan hindi mananakaw ng iba.
Ang yaman ay makakamit kung matalino kang talaga.
Ngunit hindi mo makukuha ang talino kahit marami kang pera.
Marami dyan naghihirap na mayaman.
Dahil saan? Sa kawalan ng karunungan.
Ginagawang lahat, bawat maibigan.
Nilulustay ang pera sa walang kabuluhan

YAMAN:

Tila yata hindi mo naiintindihan.
Ang may pera ang siyang laging pinapanigan.
Lahat ng kanyang sabihin pinaniniwalaan.
At pagdating sa kaibigan ay hindi siya nawawalan.
Pag marami kang pera o ikaw ay mayaman.
Marami ring sarap ang iyong matitikman.
Mabibiling lahat, bawat magustuhan.
Bahay, kotse at iba pang karangyaan.
<https://www.wattpad.com/409445423-tula-balagtas-an-yaman-vs-talino>

Pansinin ang mga sinalunguhitang pahayag? Matutukoy mo ba ang nagpapahayag ng pagsang-ayon o pagsalungat? Ano ang napansin mong pananda o hudyat na ginamit upang ipahayag ang kanilang panig? Para masagot mo ang mga tanong na ito, halika't basahin ang kasunod na talakayan.



Suriin

MGA HUDYAT NG PANGSANG-AYON AT PANGSALUNGAT

Layunin nitong hikayatin ang mga tagapakinig na tanggapin ang kawastohan ng kanilang paniniwala sa pamamagitan ng tuwirang pagpapahayag. Ang pangangatuwiran ay isang pahayag na nagbibigay nang sapat na katibayan upang maging kapani-paniwala o katanggap-tanggap sa sinoman. Bahagi na ng araw-araw na pakikipag-ugnayan ng tao ang pagsang-ayon at pagsalungat sa mga paksang pinag-uusapan. Hindi lahat ng mga detalye o mensahe ng pahayag ng kausap ay sinasang-ayunan o tinututulan. Sa pagsasaad ng pagsang-ayon at pagsalungat ay mahalagang maunawaan nang lubos ang pahayag upang makapagbigay ng katuwiran na magpapatibay sa ginawang pagsang-ayon o pagsalungat.

Sa pagsasalita, ang galaw ng katawan gaya ng pagtango at pag-iling ay nagsisilbing hudyat ng pagsang-ayon o pagsalungat. Nagsisilbing hudyat din ang tono, himig, at diin ng pagsasalita na maaaring gamitan ng mababa o mataas na boses batay sa paraan ng pagpapahayag. Sa paglalahad ng sariling pananaw at opinyon sa anyong pasulat, mahalagang malaman ang mga salitang magbibigay ng hudyat ng iyong pagsang-ayon o pagsalungat sa puntong iyong nabasa o napakinggan.

Narito ang mga hudyat na maaring gamitin batay sa uri pagpapahayag:

1. **Salitang Sumasang-ayon.** Naghuhudyat ito ng pagpayag o pagpanig sa isang pananaw o punto. Karaniwang ginagamit ang mga salitang *oo*, *opo*, *totoo*, *tunay*, *talaga*, *tama*, at iba pang kauri nito.

Halimbawa:

1. **Totoo ngang** nakakabahala ang Covid-19.
2. **Tunay nga** na mapagmalasakit ang mga Pilipino.
3. **Tama lamang** na huwag lumabas ng bahay sa panahon ngayong may pandemya.

2. **Salitang Sumasalungat.** Naghuhudyat ito ng hindi pagpanig o hindi pagsang-ayon. Nagpapakita rin ito kung paano nagkakaiba ang dalawang ideya.

Karaniwang ginagamit ang mga salitang tulad ng *ngunit*, *datapwat*, *subalit*, *bagamat*, *hindi*, at iba pang mga kauri nito.

Halimbawa:


1. **Hindi** ako **naniniwala** na maraming gustong maging mayaman pero walang ginagawa.
2. **Mali** ang ginawang mong panghuhusga sa kapwa.
3. **Ngunit hindi** dahilan na mahal in ka niya na walang paninindigan.

Naunawaan mo ba ang talakayan? Sige nga, subukan mong sagutan ang mga kasunod na gawain.



Pagyamanin

Panuto: Isulat sa *Info Organizer* ang kahulugan ng mga salita na nasa loob ng kahon na sumusunod:



Panuto: Suriin ang pahayag at isulat sa sagutang papel ang salitang naghuhudyat ng pagsang-ayon at pagsalungat.

1. Mali ang magbago kung ito'y nakakasama sa sarili.
2. Hindi sukatan ang katalinuhan sa pagkilala ng ugali ng tao.
3. Inaabuso na tayo kaya tama na tayo'y magsumbong sa pulis.
4. Totoong marami pang mabubuti sa mundo.
5. Subalit ang mahalín ka'y isang kamalian sa ating angkan.

Naging tama ba ang sagot mo? Tingnan ang wastong sagot sa susi ng pagwawasto upang malaman kung napunan mo ba ng tamang kasagutan ang dayagram. Ang susunod pang gawain ay makatutulong sa iyo upang mas maintindihan ang araling ito. Halika at subukan mo...



Isaisip

Panuto: Dugtungan ang mga sumusunod na pahayag upang mabuo ang inaasam na karunungan.

1. Natutuhan ko na....

2. Mahalaga ang aking natutuhan dahil...

3. Gagamitin ko ang aking natutuhan para sa...

3. Pauunlarin ko ang aking natutuhan sa pamamagitan ng...



Isagawa

Panuto: Suriin ang pahayag sa bawat bilang. Lagyan ng tsek (✓) kung ang pahayag ay nagsasaad ng pagsang-ayon at ekis (x) naman kung pagsalungat.

_____ 1. Lubos akong nananalig sa sinabi mong ligtas tayo rito.

_____ 2. Hindi ko gusto ang iyong pananalita.

_____ 3. Ayaw kong sumama sa inyong paglalakbay.

_____ 4. Tunay ngang hangga't may buhay may pag-asa.

_____ 5. Kaisa ako sa inyong adhikain.

_____ 6. Tama ang iyong sinabi.

_____ 7. Hindi, dapat mangibabaw ang kabutihan sa mundo.

_____ 8. Pareho tayo ng nais sa buhay.

_____ 9. Totoong kailangan ng tagapagligtas ang mundo.

_____10. Maling-mali ang pagtapon ng basura sa dagat.

Panuto: Gumupit o magsaliksik ng isang editoryal mula sa isang diyaryo o magasin. Basahin ito at bumuo ng sariling pagsang-ayon o pagsalungat sa inilahad na isyu. Linyahan ang mga hudyat na ginamit sa paglalahad.



Mga Tala para sa Guro

Siguraduhing nakalaki sa modyul ang dayagram na ito bilang sagutang papel ng mga mag-aaral.



Tayahin

A. Panuto: Basahin ang sumusunod na pahayag. Ibigay ang iyong sariling opinyon tungkol dito. Bilugan ang mga hudyat ng pagsang-ayon o pagsalungat na ginamit mo sa iyong sariling pahayag.

1. Marami sa ating mga Pilipino na kapag may problema o kahit anong emosyon na nararamdaman ay agad-agad nagpo-post sa mga online media platform lalo na sa facebook. Ang iba gusto lamang ipagmalaki kung anong mayroon sila ngunit ang iba naman ay ginagamit ang facebook upang maglabas ng galit at kung minsan ay nakakapanakit at nakakasira na sa ibang tao.

2. Dahil sa kahirapan at gutom marami sa ating mga Pilipino ang nakikipagsapalaran sa ibang bansa upang kahit kaunti ay matustusan ang pang-araw-araw na pangangailangan ng kanilang pamilya. Ngunit ito rin ang nagiging dahilan ng pagkawalay nila sa kanilang pamilya. Sa halip na ang sariling pamilya ang alagaan ay sa banyagang pamilya nakalaan.

3. Ano ba ang brand ng iyong damit, sapatos, at bag? Marami kasi sa atin na mas pinipili na bilhin ang may nakasulat na Nike, Adidas, benelton, PLUMA, SHAARA, Levi's, VEANS, LACOSTE, CHONEL, LYC, Loiu Vuitton, atbp. Tila iniilingan na lamang ang mga Star Mobile, Yourphone, Branch atbp. Dapat tangkilikin natin ang mga produkto na sariling atin.

B.Panuto: Itiman ang kahon ng pinakaakmang gamiting hudyat na sumasang-ayon o sumasalungat.

1. Wala na ngang pagbabago _____ mayroon pa ring pag-asa.
 sang-ayon ako
 subalit
 tama
2. Mawala man ang lahat, _____ na ika'y mananaliti.
 hindi ako
 nananalig ako
 subalit ako
3. Matalinong naturingan _____ tamad naman.
 tama
 totoo
 ngunit
4. Ayon sa aking napakinggan, _____ sa iyong sinabi.
 hindi ako
 tama ako
 sang-ayon ako
5. Hangga't may buhay, _____ na may pag-asa.
 tunay
 mali
 ngunit



Karagdagang Gawain

Panuto: Ipahayag ang sariling opinyon batay sa sumusunod na sitwasyon gamit ang pagsang-ayon o pagsalungat. Salungguhitan ang hudyat na ginamit.

Halimbawa sa pagsagot:

➤ Sitwasyon: Mahalaga ang pera dito sa mundo.

Pagsang-ayon:

Tunay na mahalaga ang pera sa pang-araw-araw nating pangangailangan.

Pagsalungat:

Hindi lahat ng bagay sa mundo ay nabibili ng pera.

1. Modular na paraan ng DepEd para SY.2020-2021

Pagsang-ayon: _____

Pagsalungat: _____

2. Paggamit ng gadgets sa pagkatuto ng kabataan

Pagsang-ayon: _____

Pagsalungat: _____

3. Paglabas ng bahay sa panahon ng pandemya

Pagsang-ayon: _____

Pagsalungat: _____

4. Edukasyon para sa kahirapan

Pagsang-ayon: _____

Pagsalungat: _____

5. Magsikap upang umasenso sa buhay.

Pagsang-ayon: _____

Pagsalungat: _____

Natapos mo ang modyul na ito. Binabati kita! Ang galing mo. Kung handa ka na, hingin ang kasunod na modyul at matutuklasan mo ang bago na namang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Pagymanin
 A. Pagsang-ayon –
 pagpayag o pagpanig
 sa isang punto
 Pagsalungat – hindi
 pagpanig o hindi
 pagsang-ayon
 Pangangatwiran –
 nagbibigay ng sapat na
 katibayan upang kapani-
 paniwala ang pahayag
 B. I. Mali
 2. Tama
 3. Tama
 4. Totoon
 5. Suablit

Isagawa
 1. /
 2. x
 3. x
 4. /
 5. /
 6. /
 7. x
 8. /
 9. /
 10. x

Pagymanin
 B. Pagsang-ayon –
 pagpayag o pagpanig
 sa isang punto
 Pagsalungat – hindi
 pagpanig o hindi
 pagsang-ayon
 Pangangatwiran –
 nagbibigay ng sapat na
 katibayan upang kapani-
 paniwala ang pahayag
 B. I. Mali
 2. Tama
 3. Tama
 4. Totoon
 5. Suablit

Tayahin
 B. I. Subalit
 2. nananalig ako
 3. ngunit
 4. sang-ayon ako
 5. tunay

Isaisip
 Magkakatibala ang
 sagot ng mag-aaral.

Karagdagang Gawain
 Magkakatibala ang sagot ng mga mag-aaral.

Sanggunian

Infantado, Remedios, *BAYBAYIN I Paglalayag sa Wika at Panitikan (Batayan at Sanayang Aklat sa Filipino)*. Ramilito Correa – Koordineytor. Rex Book Store

Miranda, Lourdes L., Antonietta D. Tapang, Pilipina A. Guerrero, Corazon L. Santos, Ph.D., *PUNLA I Mga Panitikang Pambansa at Florante at Laura*. Felicidad Q. Cuaño – Tagapag-ugnay. Rex Book Store.

https://kupdf.net/download/balagtas-an-sipag-o-talino_59604535dc0d60d71d2be30f_pdf

<https://www.wattpad.com/409445423-tula-balagtas-an-yaman-vs-talino>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph* blr.lrpd@deped.gov.ph